

# Ang Wraparound Program

Ang mga kabataang visible minority, kabilang ang mga bagong dating, ay maaaring may hinaharap na mga hamon tulad ng pagkawala ng identidad (loss of identity), diskriminasyon, pagkakahiwalay sa lipunan, bullying, di-malusog na relasyon sa pamilya at mga hadlang sa wika. Ang mga hamon na ito ay maaaring humantong upang masangkot ang kabataan sa mga mapanganib na ugali tulad ng pag-drop out sa paaralan, pag-abuso ng alkohol at mga droga, pagsangkot sa mga ilegal na aktibidad o sumali sa mga gang.

Ang mga kabataan na kasali sa Wraparound process ay mas malamang na gumawa ng mahusay na mga pagpili kapag sila ay:

- may ugnayan sa mga katulad nila
- may ugnayan sa komunidad
- magkaroon ng pro-social skills
- lumalahok sa mga positibong aktibidad
- magkaroon ng pagpapahalaga sa sarili o self-esteem
- mapamamahalaan ang damdamin

Nag-aalok ang Wraparound Program sa mga at-risk youth o kabataang nanganganib, 13-18 taon gulang, naninirahan sa South at East Vancouver, ng lahatang-panig (holistic) na suporta upang mapaunlad ang kalakasan at kakayahang umangkop ng kabataan na pamahalaan ang mga hamon at stress na hinaharap nila.

## Impormasyon para sa Pagkontak

### MOSAIC – Youth Centre

201 - 5838 Fraser St., Vancouver, BC V5W 2Z5

Telepono: 604 324 7979 | Fax: 604 324 4142

Email: [wrap@mosaicbc.org](mailto:wrap@mosaicbc.org)

Lunes hanggang Biyernes 9:00am - 5:00pm

(Ang mga staff ay maaaring magtrabaho ng flexible hours upang matugunan ang pangangailangan ng mga kabataan at ng programa.)

## Tungkol sa MOSAIC

Ang MOSAIC ay isang non-profit at nakarehistro bilang charity na organisasyon na naglilingkod sa mga imigrante at mga bagong dating mula pa noong 1976. Sa ngayon ay nag-aalok kami ng komprehensibong mga serbisyo para sa Canadian citizens, mga bagong dating, refugees, mga imigrante, at pansamantalang dayuhang manggagawa o TFW sa maraming lokasyon sa Metro Vancouver.

**Bilang karagdagan sa programang ito, Nag-aalok din ang MOSAIC ng mga sumusunod:**

Mga Programang Pambata at Pampamilya  
Paghanap ng Trabaho | English Language Centres  
Serbisyo para Interpretasyon | Settlement Programs  
Mga Specialized na Serbisyo | Mga Serbisyo para sa Pagsasalain sa Ibang Wika

**Upang kontakin kami, o kumuha ng karagdagang impormasyon sa mga serbisyong ito, mangyaring bumisita sa: [www.mosaicbc.org](http://www.mosaicbc.org) o tumawag sa 604.254.9626**



@mosaicbc



Public Safety  
Canada

Sécurité publique  
Canada

*Sinusuportahan ang programang ito sa pamamagitan ng kontribusyon mula sa National Crime Prevention Centre, Public Safety, Canada.*

## Wraparound Program (Filipino)



# MOSAIC

**Mahigit 40 taon nang nagbibigay-kapangyarihan sa mga bagong dating upang lubos na makilahok sa lipunan ng Canada**

# Ang mga Serbisyo ng Wraparound Program

Gamit ang pamamaraan na batay sa ebidensya, crime prevention - Wraparound model, nagbibigay ang programang ito ng naaangkop (customized) na suporta para sa mga visible minority at-risk youth. May dalawang natatanging format ang programa sa paghahatid ng serbisyo:

- Ang one-to-one counselling kasama ang isang youth worker at one-to-one clinical counselling na serbisyo
- Ang wraparound team support, pinapatakbo sa pamamagitan ng youth workers at ng mga propesyonal at komunidad

Ang programa ay may apat na natatanging bahagi ng mga serbisyo:

## Engagement o Pakikipag-ugnayan

Ang isang Youth worker ay magsasagawa ng panimulang pag-aseso at tutukuyin ang mga pangangailangan ng kabataan, kasunod ang pagdibelop ng isang indibidwal na planong pangangalaga, kasama ang kagyat at pangmatagalang layunin.

Ang kabataan ay maaaring nanganganib dahil sa:

- masamang barkada
- nakakaranas ng mga negatibong emosyonal at pisikal na pag-uugali
- maling paggamit ng alkohol at mga droga
- isyu sa kalusugang pangkaisipan
- marahas na pag-uugali
- nahihawalay (isolated)

## Pagbubuo ng Wraparound Team

Ang kabataan at ang youth worker ay magtatatag ng isang Wraparound team, na maaaring kabilang ang mga miyembro ng pamilya, kaibigan, mga propesyonal at/o community workers. Magtutulungan ang team upang magdibelop ng action plans na makakatulong sa kabataan na baguhin ang nakagawiang pag-uugali (behaviour patterns) at mangakong makamit ang mga tinukoy sa plano.

## Pagsasagawa ng Plano

Ang Wraparound team ay nagpupulong nang regular upang suriin ang pag-unlad at gumawa ng adjustments sa action plan kung kinakailangan. Patuloy na sinusuri ng youth worker ang mga pangangailangan, sinusubaybayan ang mga tagumpay at mga hamon, at nagbibigay ng suporta kapwa para sa kabataan at pamilya ng kabataan.

## Transition o Pagbabago

Habang papalapit ang pagkamit ng mga layunin, magsisimulang maghanda para sa paglabas sa programa. Magdibelop ang youth worker at ang kabataan ng isang individual transition plan kabilang ang mga mapagkukunan ng tulong upang harapin ang mga hamon sa hinaharap.

Nag-aalok din ang programang ito ng suporta para sa mga magulang at ibang mga pangunahing caregiver ng kabataan.



## Paano Lumahok

Ang mga kabataang visible minority, 13-18 taon gulang na naninirahan sa East o South Vancouver ay maaaring sumangguni o isangguni ng alinman sa mga sumusunod:

- Vancouver School Board Staff
- Vancouver Police Department, School Liaison Officers
- Community Service Providers
- Social Workers
- Mga magulang at iba pang caregivers

Mga Wikang Available

Nag-aalok kami ng serbisyo sa Ingles, Hindi, Punjabi, Espanyol, Tagalog, Portugese, Arabic at Hapón.